REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**KAPASIYAHANG LUNGSOD BILANG 95-247**

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD ANG SUBDIVISION PLAN NG SAMAHANG NAGKAKAISANG MAGKAKAPITBAHAY NA MATATAGPUAN SA PUROK 7 EXTENTION, ILAYA ALABANG, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*****************************************************************************************************************

Ipinanukala ni : **KGG. MELCHOR R. TEVES**

*****************************************************************************************************************

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 458 (2) letra x ng Republic Act 710 ang Sangguniang Panlungsod ay may kapangyarihan alinsunod sa batas na magproseso at magpatibay ng mga subdivision plans para sa residensyal, komersyal, o industriyal at iba pang pagpapaunald na layunin, at kumolekta ng nararapat na butaw para dito;

**SAPAGKAT**, ang devolved powers ng lokal na pamahalaan na ipinagkaloob ng **HLURB** na dating may kinalaman sa ganitong layunin at batay na rin sa tadhanain ng Kautusang Bayan Bilang 91-39 at Kapasiyahan Bilang 93-60, ang lokal na yunit sa pamamagitan ng Tanggapan ng Pagpaplano ay siyang inatasan na magproseso ng mga aplikasyon para sa subdivision plan;

**SAPAGKAT,** ang **SAMAHANG NAGKAKAISANG MAGKAKAPITBAHAY** ay nakapagsumite ng mga kinakailangang dokumento na hinihingi ng BP 220;

**NGAYON DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na pagtibayin ang aplikasyon ng Samahang Nagkakaisang Magkakapitbahay ng Purok 7 Extention Ilaya Alabang ;

**PINAGPASIYAHANG PANG MULI,** na anumang di tunay na representasyon na materyal sa aplikasyong nabanggit ay nangangahulugan ng awtomatikong pagkansela ng aplikasyon nito.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika - 20 ng Nobyembre, 1995 ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa ika -18th regular na sesyon.

**SINANG-AYUNAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD



KGG. MELCHOR R. TEVES

KGG. DANTE S. ALMARIO

KGG. RAFAEL R. ARCIAGA

KGG. VICTOR L. ULANDAY

KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.

KGG. JO JASON T. ALCARAZ

KGG. REY E. BULAY

KGG. ROMAN E. NIEFES

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ

KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.

KGG. RUFINO B. JOAQUIN

KGG. VICENTE Y. CHUA

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.

PINATUTUNAYAN :

NECITO M. GUICO
Pansamantalang Kalihim
SANGGUNIANG PANLUNSOD

PINAGTIBAY :

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punonglungsod